# LESSON EXEMPLAR
# ARALING PANLIPUNAN

**Vilma Navarro Anciano-Tulabing**
T-III, Paaralang Sentral I ng Bogo
Schools Division of City of Bogo, Region VII, Central Visayas

Baitang: **Ikaapat**
Asignatura: **Araling Panlipunan**
Markahan: **Unang Markahan**
Modyul Bilang: **2**
Aralin Bilang: **2 (Ang Kinalalagyan ng Pilipinas)**
Kompetensi: **Pagbas ng mapa**
Mga Batayang Kaisipang Ipauunaw: **Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng lipunan, komunidad, siyudad, bansa at rehiyon ayon sa mga katangiang heograpikal gamit ang mapa**

## MGA BATAYANG KAISIPANG IPAUUNAWA:

### Pangkaalaman

- Natutukoy ang kaugnay na kinalalagyan o relatibong lokasyon (relative location) ng Pilipinas batay sa mga nakapaligid dito gamit ang pangunahin (cardinal) at pangalawang direksyon (intermediate)
- Natutukoy sa mapa ang kinalalagyan ng bansa sa rehiyong Asya at mundo
- Nailalarawan ang kahalagahan ng pagiging handa palagi sa mga kalamidad bilang napapaligiran ang Pilipinas sa bahaging silangan ng pinakamalaking anyong tubig na ang Karagatang Pasipiko

### Pangkakayahan

- Nakapagsasagawa ng interpretasyon at maiging pag-uunawa tungkol sa kinalalagyan ng sarili, komunidad, bansa at rehiyon gamit ang mga batayang heograpiya tulad ng iskala, distansya at direksyon at mga uri ng mapa gaya ng sumusunod:
  - mapang pambayan/baranggay
  - mapang panlalawigan (gaya ng Cebu)
  - mapa ng Pilipinas
  - mapa ng Timog Silangang Asya
  - mapa ng daigdig
  - mapa ng lokal na pamanang kultural (local cultural heritage map)

- "school hazard/evacuation map"
- mapa ng populasyon

- Nakakagawa ng "emergency bag" *(pagtuunan ng pansin ang kinalalagyan ng mga kakailanganin upang madaling hanapin sa panahon ng sakuna at kalamidad)*
- Pagsusulat ng sanaysay tungkol sa sumusunod:
  - kasaysayan at pamanang kultura ng bansang Pilipinas at Lungsod ng Bogo
  - kahalagahan ng pagiging handa palagi upang maiiwasan ang mga pinsala dulot ng iba't ibang kalamidad dahil sa heograpikal at topograpikal na kinalalagyan ng Pilipinas batay sa geohazard na mapa ng Pilipinas at sa lokal na pamayanan gaya ng geohazard map ng Lungsod ng Bogo

**Pangkaugalian**

- Napapahalagahan ang kinalalagyan ng bansa sa rehiyong Timog-Silangang Asya, sa Asya at sa mundo
- Napahahalagahan at napangangalagaan ang likas at kultural na pamana ng bansa
- Pagiging handa sa iba't ibang kalamidad

**Values**

- Nabibigyang halaga ang pagiging Pilipino at pagiging miyembro/ kasapi ng lokal, pambansa, pangrehiyong ASEAN at pandaigigdig na komunidad sa pagkilala, pagtatangkilik at pangangalaga sa mga lokal, panlalawigan, pangrehiyon ASEAN, pambansa at pandaigdig na mga sagisag kultura at iba pang pamanang likas at kalinangan para sa napapanatili o sustinableng kaunlaran

## SANGGUNIAN


Araling Panlipunan-Ikaapat na Baitang Learner's Material (LM), pp. 8-14

Patnubay ng Guro sa Araling Panlipunan (TM), pp.4-9o sa https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-4-teachers-guide-in-araling-panlipunan-q3q4

Curriculululum Guide sa Araling Panlipunan, Ikaapat na Baitang (K to 12-AP4AAB-Ic-4; AP4AAB-Ia-2; AP4AAB-Ic-5)

Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). OECD Green

Growth Studies Green Growth in Cebu, Philippines. OECD Publishing, 4 Oct 2017.

The History of Cebu, Philippines: Bogo City. Cebu: University of San Carlos, 2014.

## LISTAHAN NG MGA MATERYALES PANTURO

- Globo at mapa ng Lungsod ng Bogo, Lalawigan ng Cebu, bansang Pilipinas, kontinente ng Asya at mundo gamit ang mga larawan, ang laptop, internet connection, powerpoint presentation ng pamanang cultural ng Lungsod ng Bogo (mula sa City of Bogo Tourism at IT Offices)
- Mga larawan o DRREducation Skills Video Presentation sa paggawa ng "school hazard map", Mapang Geohazard ng Lungsod ng Bogo (IT Office ng Lungsod ng Bogo) at "emergency bag", google, meta cards, pentel pen, manila paper, video clip ng Travel & Tours sa mga magagandang pook sa Lungsod ng Bogo)
    - https://www.facebook.com/ohtravelandtours/videovb.1973961092848338/1984693618441752/?type=2&theatre
    - https://tl.wikipedia.org/wiki/Bogo
- Video documentary ng Museo sa Casa Gorordo ng mga NCCA/GDCE scholars (voice over ni Gng. Glenda Catubig Baylosis sa Level 2 sa Cebu Normal University, mga larawan ng mga iba't ibang lokal na pamana sa loob ng Museo sa Bogo, mga iba't ibang artifacts at mga larawan na matatagpuan sa iba't ibang bahagi sa Bogo City Museum at Cebu Normal University Museum
- Pinakamataas na Daan sa Lungsod ng P. Rodriguez, Brgy. Carbon, Bogo Central School II, St. Louise de Marillac College of Bogo, Holy Family Academy, G & O Building, Gaisano Bogo at Karatig na mga gusaling pangkomersiyo, Kahoy na Bogo sa City of Bogo Science and Arts Academy (CBSAA)
- kartolina, papel, pantasa, bolpen, pambura, tsok, lapis, mapa ng pambansang pamanang kultura at lokal na pamanang kultura ng Lungsod ng Bogo at mga larawan gaya ng "Bogo Heritage Square, Gabriel "Flash" Elorde Ampitheater and Community Stage
- Bogo Library and Museum
- Cebu Roosevelt Memorial Colleges (CRMC), Bogo City Wharf https://www.youtube.com/watch?v=P7FZq6Dpq_A
- Polambato Wharf http://www.youtube.com/watch?v=5u4wDWg89_0
- Tumakin Mountain Ranges, Ancestral House ni Don Pedro L. Rodriguez, Antigo na Bahay sa Pasimuno ng "Sarzuela", Pinakaunang Munisipyo sa Lungsod ng Bogo, Parokya ng Birhen delos Remedios sa Odlot, Capitancillo Islet https://www.youtube.com/watch?v=70vYcHO0Kzs
- Pinakamalaking Talaba na Nahukay sa Brgy. Cayang, pinakamalaking Buto ng Balyena na Nakuha sa Baybayin ng Dagat Nailon, mga mural at lumang mga larawan na ipininta ng mga Bogohanon na dalubhasa sa iskuptura at iba pang

likhang sining, Bahay na Bato, Northern Cebu Colleges (Guerilla Headquarters sa Panahon ng mga Hapones at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at lokasyon ng Archdiocesan Shrine ng St. Vincent Ferrer na may pinakalumang dambanaa at mapaghimalang statwa ng San Vicente Ferrer (kwento ni Snr. San Vicente Ferrer sa

- https://www.youtube.com/watch?v=t85zhJUotmE
- https://www.youtube.com/watch?v=Xy50jIJi8Q0
- https://www.youtube.com/watch?v=aZQog6jbMYA
- La Paz Shrine, Capitancillo Islet at Paaralang Sentral I ng Bogo, Videos ng mga Relatibong Lokasyon ng Pilipinas
- https://www.youtube.com/watch?v=WxA0uYqBey4
- https://www.youtube.com/watch?v=ZeWWNs6BnzI
- Mapa ng Cebu https://www.youtube.com/watch?v=epveIr0Eni8
- Larawan ng mga lumang simbahan sa lalawigan ng Cebu, CD ng sagisag kultura ng Pilipinas, Pintos Festival Dance, Kuyayang Dance, video/ powerpoint presentation ng pagluto ng pintos at larawan ng sugar plantations sa Bogo, at iba pa
- CD ng Bogo Hymn at Pambansang Awit galing sa LGU, Bogo City, Cebu o pwedeng madownload sa youtube; City of Bogo Culture and Heritage powerpoint courtesy of **Mr. Lloyd Pedroza of IT Office** @botating12@gmail.com, etc.


## MGA ARALING PAG-IISAHIN

- Culture-Based Education Integration ("Imbentaryo ng mga Likas at Pangkultural na Pamana ng Lungsod ng Bogo" o *"Inventory of Natural and Cultural Heritage of Bogo City"* at "Pagsasagawa ng Mapang Pangkultural na Pamana" o *"Making of a Heritage Map of Bogo City"*
- DRR Education Skill Integration (Pagsasagawa ng "school hazard map" at "emergency bag");
- Science and Health (Solid Waste Management/Recycling);
- MAPEH (*Musika*-pag-aawit ng "Bogo Hymn", Pambansang Awit, ASEAN na Awit ; Sining, paglikha ng mga gawaing sining gaya ng iba't ibang mapa at paglalahad ng produktong lokal sa Lungsod ng Bogo gaya ng pintos; P.E., Pintos Festival Dance Performance at Paglalahad ng Kuyayang na Sayaw Lokal sa Sitio La Paz at Nailon ng Lungsod ng Bogo, Cebu; *Health,* wastong sanitasyon at segregasyon ng mga basura
- Mathematics (numerong ordinal, direksiyon, mapa, iskala, ratio at proportion at distansya);
- Filipino, pagsulat ng sanaysay tungkol sa sumusunod:
    - Integrasyong ASEAN, lalo na sa edukasyong nakabatay sa pagsasanib ng kultura para sa inaasam-asam na pagkakaisa, kapayapaan at kaunlaran
    - Kaugnay na kinalalagyan o relatibong lokasyon ng Pilipinas batay sa nakapalibot dito gamit ang pangunahin at pangalawang direksiyon

- Pagiging Pilipino at pagiging miyembro/kasapi ng lokal, pambansa, pangrehiyong ASEAN at pandaigigdig na komunidad
- Pagkilala, pagtangkilik at pag-alaga sa mga lokal, panlalawigan, pangrehiyong ASEAN, pambansa at pandaigdig na mga sagisag kultura at iba pang pamanang kalinangan ng pamayanan o bansang kinabibilangan
- Pagpapahalaga sa "resiliency" ng mga Filipino at sa pagiging handa palagi upang iwasan/mabawasan ang mga pinsala dulot ng iba't ibang kalamidad dahil sa heograpikal at topograpikal na kinalalagyan ng Pilipinas.

## MGA ARALING PAG-IISAHIN

- **Panimulang Gawain** – panonoorin ng mga mag-aaral ang apat (4) na bidyo mula sa YouTube sa loob ng 10-15 minuto tungkol sa:
    - Sayaw na Lokal ng Lungsod ng Bogo na tinatanghal bawat taon sa bisperas ng kapistahan (ika-26 ng Mayo) ng Pintos Festival. Ito ay isang "street dance" na nagpapakita sa paniniwala, pananampalataya at pasasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng patrong banal o santo na si San Vicente Ferrer sa mga biyayang natanggap at saganang ani ng mais, lokal na pananim sa lungsod ng Bogo. https://www.youtube.com/watch?v=vFE-atfAf1s
    - Pag-awit ng "Bogo Hymn."
    - Pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas na nagpapakita sa iba't ibang lugar, sagisag-kultura at mga institusyong publiko at pribado na matatagpuan sa Lungsod ng Bogo, Cebu.
    - ASEAN Song Video na inawit ni G. Christian Bautista na sumasalamin sa minimithing pagkakaisa at pagpapatuloy ng kapayapaan at kaunlaran sa Timog Silangang Asya.
- **Balik-Aral**
    - Pag-aaralan ng mga mag-aaral ang mapa sa Lungsod ng Bogo sa pamamagitan ng isang powerpoint/multi-media presentation o isang ilustrasyon sa cartolina gaya ng sumusunod:



- Bilang pagbabalik-aral sa natutuhan sa ikatlong baitang, sagutin ang sumusunod na tanong: “Batay sa Mapa sa Lungsod ng Bogo, anong barangay ang matatagpuan sa hilaga? Timog? Kanluran? Silangan?” (Patnubayan ang mga bata sa apat na pangunahing direksyon.)
- Ipakita ang Mapa ng mga Pulo sa Visayas at tanungin: “Kung kayo ay nasa Lungsod ng Cebu sa bahaging gitna ng lalawigan ng Cebu, anong lalawigan ang matatagpuan sa hilagang-silangan? Hilagang-kanluran? Timog-silangan? Timog-kanluran?” (Patnubayan din ang mga bata sa apat na pangalawang direksiyon.)
- Magbalik-aral: anu-ano ang pangunahing direksiyon? Pangalawang direksiyon?

- **Bagong Aralin**

Pagganyak: Pangkatang Gawain 1 (PAGBIBIGAY-LOKASYON)

Bilang paghahanda sa bagong aralin, hasain ang kaalaman tungkol sa pangunahin at pangalawang direksyon. Una, bumuo ng maliliit na pangkat na may 4 hanggang 5 kasapi. Pabilangin ang mga mag-aaral sa bawat hanay mula sa kaliwa patungong kanan ng ordinal na bilang (mula sa isa, dalawa, tatlo, lima, atbp.) hanggang magkaroon ng bilang ang lahat. Bawat bilang ay magsisilbing pangkat ng mga mag-aaral at itatalaga ng guro ang lugar kung saan sila pupuwesto sa klase gamit ang mga pangunahin at pangalawang direksyon. (Hal. Pangkat 1 sa Timog-Kanluran; Pangkat 2 sa Hilaga; Pangkat 3 Silangan, atbp.) Papatnubayan ng guro ang bawat grupo upang matukoy at maipuwesto sila sa dapat nilang kalalagyan.

Kapag naipuwesto na sa silid ang bawat pangkat, ipatukoy sa kanila ang kinalalagyan ng isang lugar gamit ang kapaligiran nito bilang pananda na magiging gabay sa pagtukoy ng mga pangunahin at pangalawang direksiyon sa mapa. Bigyan ang bawat pangkat ng sobreng naglalaman ng meta card para sa panuto, Manila paper o cartolina para sa dayagram o mapa na inihanda ng guro, pentel pen, mga larawan ng mga lokal o likas na pamanang pangkultura at iba pang larawan, pandikit, gunting, ruler at double sided/masking tape.

Ipagawa sa bawat grupo sa loob lamang ng 5-10 minuto. Gabayan sila kung kinakailangan. Pagkatapos isumite, ilahad at ipaulat sa klase sa pamamagitan ng napiling kinatawan sa bawat pangkat. Hindi dapat lumampas ng 3 minuto ang bawat ulat.

Ilang mga mungkahing gawain para sa iba’t ibang pangkat (maaaring dagdagan pa ang listahang ito ngunit siguraduhing matatapos ito ng mga mag-aaral sa loob ng 10 minuto):

- Ang lokasyon ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan
- Ang lokasyon ng kanilang silid sa kanilang palapag
- Ang lokasyon ng kanilang gusali sa kanilang paaralan
- Ang lokasyon ng mahahalagang tanggapan sa loob ng paaralan

| **RUBRIC O PAMANTAYAN SA PAGBIBIGAY NG EBALWASYON** | MAHINA | SAPAT | MAINAM | MABUTI | MAGALING | MAHUSAY |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nakasusunod sa panuto ng guro | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nakagagamit ng angkop na pangunahin at pangalawang direksyon sa paglalarawan ng kinaroroonan ng lugar | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nagpapamalas ng baryasyon ng mga direksyon | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nakapag-uulat nang malinaw at organisado | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nakapag-aambag ng sapat at angkop na tulong at mungkahi kung kinakailangan sa pangkat | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nagpapahintulot sa iba na magbigay ng mungkahi at suhestiyon | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |

*Pinakamababang marka: 25/50 (50%)*
*Pinakamataas na marka: 50/50 (100%)*

- Pagpapalalim ng Kaalaman: Pangkatang Gawain 2 (PAGHANAP NG LOKASYON)

Maghahanda ang guro ng mga metacard na naglalarawan ng lokasyon ng makasaysayang sagisag-kultura sa loob ng paaralan o sa mga karatig-pook nito. Bukod sa pangunahin at pangalawang direksyon, maaaring magbigay ng partikular na distansya upang matiyak ang partikular na obhetong pinahahanap lalo na kung maliit ito. Kapag nahanap ng mga mag-aaral ang partikular na sagisag na inilalarawan sa metacard, tungkulin nilang bumuo ng 4-7 pangungusap na talatang naglalarawan sa halaga ng sagisag-kulturang pinahanap sa kanila. Bigyan ang mga mag-aaral ng 20 minuto para sa ehersisyo. Tingnan ang sumusunod na metacard bilang huwaran.

## HALIMBAWANG METACARD NA IHAHANDA NG GURO

Mula sa watawat sa quadrangle ng paaralan, humarap sa timog na bahagi. Anong gusali ang makikita mo?

---

Puntahan ang gusali. Mga 30 talampakan sa kanluran ng pintuan nito mayroong maliit na lagusan. Sundan ang lagusan hanggang makarating sa pinaka-timog nitong bahagi. Anong matatagpuan sa dulo nito?

---

May makikita sa hilagang kanluran ng pintuan na istante. Tingnan ang mga gamit sa istante, anong mayroon sa pinaka-silangang bahagi ng istante?


---

Ano ang halaga ng gamit na ito? Sumulat ng isang maikling talata na may habang 4-7 pangungusap tungkol sa gamit na natagpuan sa ehersisyong ito.

---

## HALIMBAWANG SULATIN NG PANGKAT

BAKUTA



Ang bakuta ay isang basket na gawa ng mga Mandaya. Ito ay may hugis na pahaba at bibig o pasukan na bilog. Gawa ito sa rattan at kawayan. Pininturahan ito ng pagkit o beeswax. Hindi lamang ito nagbibigay ng kahali-halinang kulay sa bakuta, nakakatulong din ito para gawing higit na matibay ang bakuta.

Pagtapos nito, tumawag ng isang kinatawan mula sa bawat pangkat para (1) ilarawan kung saan sila pumunta, (2) sabihin kung ano ang natagpuan nila at (3) basahin ang talatang kanilang isinulat.

| RUBRIC O PAMANTAYAN SA PAGBIBIGAY NG EBALWASYON | MAHINA | SAPAT | MAINAM | MABUTI | MAGALING | MAHUSAY |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nakasusunod sa panuto ng guro | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nakakapagtrabaho nang maayos sa loob ng isang pangkat | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nakasusunod sa mga ispesipikong direksyon upang mahanap ang lokasyon ng mga obheto | 10 | 12 | 14 | 16 | 18 | 20 |
| Nakakabuo ng sanaysay na may malinaw na daloy ng kaisipan at makabuluhan sa paksa | 10 | 12 | 14 | 16 | 18 | 20 |
| Nagpapamalas ng kakayahang magsaliksik tungkol sa paksa | 10 | 12 | 14 | 16 | 18 | 20 |
| Nakapag-uulat nang malinaw at organisado | 10 | 12 | 14 | 16 | 18 | 20 |

*Pinakamababang marka: 50/100 (50%)*
*Pinakamataas na marka: 100/100 (100%)*

• Aplikasyon: Malayang Talakayan 1 (EVACUATION MAP)

Bigyan ng Mapa ng "Evacuation" o Paglikas ng Paaralang Sentral I ng Bogo ang mga mag-aaral. Tanungin ang bawat kasapi ng relatibong lokasyon na tumutukoy sa cardinal o pangunahing direksiyon at intermediate o pangalawang direksyon upang makarating sa mga lugar na kailangang puntahan sa oras ng sakuna.

Ipapaliwanag ng guro ang kahalagahan ng evacuation map lalo na kung may kalamidad.

Makatutulong din kung ipapakita sa mga kasapi sa pangkat na ito ang sumusunod na "Geohazard na Mapa ng Lungsod ng Bogo, Cebu".




Sa pamamagitan ng geohazard map, ipaliwanag ang mga topograpikong kundisyon na mayroon ang siyudad: anu-anong uri ng kalamidad ang maaaring asahan batay sa kinaroroonan nito? Tanungin din ang mga mag-aaral tungkol sa kani-kanilang mga lugar na inuuwian. Nasaan ito sa geohazard map, at anong mga hakbangin ang kailangang paghandaan upang mabawasan ang sakuna? Ulitin ang pagtatanong at pagtawag ng mga mag-aaral hanggang sa matalakay ang karamihan ng mga lunan sa siyudad.

• Aplikasyon: Pangkatang Gawain 3 (DOKUMENTASYON NG MGA SAGISAG-KULTURA NG LUNGSOD NG BOGO)

Bigyan ang mga mag-aaral ng mapa o dayagram ng wastong kinalalagyan ng mga makasaysayang pook, istraktura o likas na pamana sa loob at karatig na pook sa Lungsod ng Bogo Plaza at Heritage Square batay sa mga pangunahin at pangalawang direksiyon. Magbigay ng iba pang detalye

distansya kung kinakailangan.




Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang hawak nila ay isang ehemplo ng Mapang Pangkultura ng mga Pamana sa Lungsod ng Bogo. Ipaliwanag ang gamit ng ganitong uri ng mapa at ang mga limitasyon nito.

Bigyan ng partikular na paksa ang bawat pangkat na kanilang susundin sa paghanap ng mga sagisag-kultura. Ilan sa mga paksang ito ay ang sumusunod:

- Built heritage o mga pamanang gusali — pampubliko
- Built heritage o mga pamanang gusali — pribado
- Mga pamanang likas
- Mga kainan
- Mga pamilihan
- Mga liwasan at mga pook panglibangan
- Mga artsibo (aklatan, museo)
- Mga simbahan
- Mga monumento
- Mga daan at tulay

Batay sa paksang nakuha nila, papiliin ang mga mag-aaral ng hindi kukulangin sa limang lugar sa mapa na tumutugma sa kanilang paksa. Pagawin ang mga mag-aaral ng talatang naglalarawan sa partikular na lokasyon ng nasabing lugar nang hindi ito pinapangalanan. Ipasulat o ipa-makinilya ang bawat larawan sa magkakahiwalay na papel.

## Ilan sa Mahahalagang Sagisag-Kultura ng Bogo

(Tingnan kung kaya ng mag-aaral na tukuyin kung ano ito at kung nasaan sila)


Bogo City Public Library


Bogo City Heritage Square


Bahay na Bato, Corner Sor D. Rubio and Almirante Streets


Unang Kapilya na pinagdaosan ng unang misa sa Lungsod ng Bogo


Punong Kahoy ng Bogo


Archdiocesan Shrine of St. Vincent Ferrer

Kolektahin ang mga sinulat na lokasyon. Tingnan kung wasto at makatwiran ang pagkakalarawan sa mga lokasyon ng iba't ibang lugar. Matapos wastuhin ito, ibigay ang bawat papel sa mga kasapi ng ibang pangkat.

Huhulaan o hahanapin ng mga mag-aaral ang mga lokasyong inilarawan. Bigyan ang bawat pangkat ng isang linggo para sa takdang ito. Sa paghanap ng mga lugar, ipaalala sa kanila na mayroon silang tungkuling magdokumento ng mga sagisag kultura. Ilan sa mahahalagang tungkulin na nakapaloob sa dokumentasyong kanilang gagawin ang sumusunod:

- Pagkuha ng mga larawan ng lugar, pati na ang mahahalagang obheto nito.
- Paglalarawan sa pisikal na katangian ng sagisag-kultura: Nasaan ito? Gaano kalawak, kalaki, o kaya—kung gusali—ilang palapag? Ano ang disenyo, gayak, kulay, estilo ng arkitektura, atbp.
- Paglalarawan sa halaga at gamit ng sagisag-kultura: Ano ang kasaysayan nito? Kaninong kabuhayan ang nakakabit dito? Anong mga tungkulin sa lipunan ang ginagampanan nito? Paano ito natatangi sa Bogo, paano nagiging kawangis ng ibang sagisag-kultura sa Pilipinas?
- May mga sagisag-kultura ba sa loob ng lunan o sa mga karatig-pook nito na kailangan ding idokumento?

Titipunin ng bawat pangkat ang kanilang dokumentasyon. Magtawag ng isang mag-aaral na mag-uulat para sa bawat pangkat. Anong paksa ang napunta sa kanila, saang mga lugar sila napadpad at ano ang natuklasan nila hinggil sa mga sagisag-kultura ng paksang iyon?

• Pagpapayaman: Takdang Araling Pampangkat

Bilang pagpapayaman sa dokumentasyon ng mga sagisag-kultura ng Bogo, susulat ang bawat pangkat ng isang sanaysay na hindi hihigit sa 700 salita tungkol sa isa sa mga lunang sinaliksik sa nakaraang bahagi. Ilan sa mahahalagang impormasyon na kailangang isama sa sanaysay ang sumusunod:

1. Pisikal na paglalarawan sa lokasyon kung saan ito matatagpuan;
2. Paglalarawan sa katangian ng sagisag-kultura katulad ng disenyo, kulay, uri ng arkitektura, atbp.;
3. Pagbibigay ng maikling kasaysayan ng lugar; at,
4. Pagpapaliwanag sa mga tungkuling ginagampanan ng nasabing sagisag-kultura para sa pamayanan noon at ngayon.

| RUBRIC O PAMANTAYAN SA PAGBIBIGAY NG EBALWASYON | MAHINA | SAPAT | MAINAM | MABUTI | MAGALING | MAHUSAY |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nakasusunod sa panuto ng guro | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nakakapagtrabaho nang maayos sa loob ng isang pangkat | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nakapagbibigay ng mga ispesipikong direksyon upang mahanap ang lokasyon ng isang lugar | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nakasusunod sa mga ispesipikong direksyon upang mahanap ang lokasyon ng isang lugar | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| Nakakabuo ng sanaysay na may malinaw na daloy ng kaisipan at makabuluhan sa paksa | 10 | 12 | 14 | 16 | 18 | 20 |
| Nagpapamalas ng kakayahang magsaliksik tungkol sa paksa | 10 | 12 | 14 | 16 | 18 | 20 |
| Nakapag-uulat nang malinaw at organisado | 10 | 12 | 14 | 16 | 18 | 20 |

*Pinakamababang marka: 50/100 (50%)*
*Pinakamataas na marka: 100/100 (100%)*

- Pagpapayaman: Malayang Talakayan 2 (MAPANG PANDAIGDIG)

Magpapakita ang guro ng mapa ng mundo o globo at mapa ng Timog-Silangang Asya sa PowerPoint na nagpapaliwanag tungkol sa relatibong lokasyon ng Pilipinas.

Ipapaliwanag ng guro ang kahalagahan ng mapa, pati na ang mga sagisag na inilalathala kasama nito (gaya ng compass rose, distansiya sa mapa, at sa totoong kinalalagyan ng mga lugar at iba't ibang uri ng mapa).
Ipahanap sa mga mag-aaral ang Pilipinas. Sa halip na ituro ito, hingin ang relatibong lokasyon nito (sa timog ng Taiwan, sa kanluran ng Pasipiko, atbp.). Ulit-ulitin ang ehersisyo para sa iba't ibang bansa, anyong tubig at kontinente.

- Pagsusubok: Pagsusulit (MAPANG PANDAIGDIG)

Gamit ang mapa ng daigdig, ipahanap sa mga mag-aaral ang mga lugar na ilalarawan sa mga sumusunod na tanong:

## PAGSUSULIT

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1) Hilaga ng Pilipinas, timog-kanluran ng Japan at silangan ng Timog Tsina. | Taiwan |
| 2) Timog ng Laos, kanluran ng Vietnam, hilaga ng Kuala Lumpur, at silangan ng Andaman Sea. | Thailand |
| 3) Hilagang-silangan ng India, timog-kanluran ng Tsina, at kanluran ng Bhutan. | Nepal |
| 4) Kanluran ng India, timog ng Iran, at hilagang-silangan ng Yemen. | Oman |
| 5) Timog ng Somalia, kanluran ng Mozambique at Silangan ng Mauritius. | Madagascar |
| 6) Hilaga ng Antartica, timog ng Botswana at timog-silangan ng Namibia. | South Africa |
| 7) Hilaga ng Morocco, kanluran ng Spain at timog ng Ireland. | Portugal |
| 8) Timog-kanluran ng Russia, hilagang-silangan ng Libya, timog ng Black Sea at silangan ng Greece. | Turkey |
| 9) Silangan ng Dagat Pasipiko, kanluran ng Dagat Atlantiko, timog ng Estados Unidos, timog-silangan ng Mexico at hilagang-kanluran ng El Salvador | Guatemala |
| 10) Kanluran ng Chile at silangan ng New Zealand | Dagat Pasipiko |